


# Sigla ng Pananampalataya

## *Tunog, Tinig at Titik ng Panalangin*

*Inihanda ni Padre Augusto Jesus B. Angeles III*

**SIGLA NG PANANAMPALATAYA:**
**TUNOG, TINIG AT TITIK NG PANALANGIN**
*Gabay sa Buhay Panalangin*

Prepared by Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles, III;
Layout by Sem. Christopher Arado, Jr.;
Editors: Fr. Peter B. Molina and Sem. Angelito Olila;
Cover Design by Fr. Augusto Jesus B. Angeles, III;
Published by Parroquia de San Pedro Apostol, Diocese of Daet;
Printed by HP Print Trader, Inc,;
Printing Cost donated by Mr. Hermie Patrimonio;
First Printing: 10,000 copies.

Copyright @2021
**PARROQUIA DE SAN PEDRO APOSTOL**
DIOCESE OF DAET
ALL RIGHTS RESERVED

*Nihil Obstat:*

**REV. FR. RONALD ANTHONY P. TIMONER**
Chairman, Commission on Doctrine of the Faith and Morals

*Imprimatur:*

**MOST REV. REX ANDREW C. ALARCON, D.D.**
Bishop of Daet

# Mga Nilalaman


i **MENSAHE**
*Most Rev. Rex Andrew C. Alarcon, D.D.*

iii **PAUNANG SALITA**
*Maikling Katekesis ukol sa Panalangin*
*Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles, III*

1 **Gabay ng Bayan sa Misa**

13 **Maikling Gabay sa Paraan ng Tamang Pagkukumpisal**

18 **Gabay sa Pagbabasa ng Bibliya**

23 **Mga Panalangin Bago ang Pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya sa Parokya**

24 **Lunes:** *Panalangin sa Espiritu Santo*
26 **Martes:** *Panalangin kay San Antonio de Padua*
28 **Miyerkules:** *Panalangin sa Ina ng Laging Saklolo*
30 **Huwebes:** *Panalangin kay San Juan Maria Vianney*
32 **Biyernes:** *Panalangin sa Banal na Puso ni Hesus*
34 **Biyernes:** *Panalangin kay San Pedro Apostol*
36 **Sabado:** *Panalangin sa Birhen ng Penafrancia*

37 **Mga Panalangin sa Araw-Araw**

**Ang Tanda ng Krus**
38 **Ama Namin**
**Aba Ginoong Maria**

Luwalhati 38

Sumasampalataya 39

Aba Po Santa Mariang Reyna 40

Angelus 41

Reyna ng Langit 42

Pag-aalay sa Umaga 43

Prayer to St. Michael the Archangel 44

Prayer for Protection through the Holy Angels *(Divine Office)*

Consecration to the Immaculate Heart of Mary 45

Pagtatalaga para sa Kamahal-Mahalang Puso ni Hesus Para sa Indibidwal at sa mga Pamilya 49

Prayer for Inner Healing 50

Prayer to Break Curses and Spells 52

Prayer for Physical Healing

Prayer for Healing of Body, Mind, and Spirit 53

Ang Pagdarasal ng Santo Rosaryo ng Santa Mariang Birhen 55

The Chaplet of the Divine Mercy 67

Ang Rosaryo sa Mabathalang Awa 68

Daan ng Krus 69



# Mensahe

Ani Santa Teresita del Niño Jesus: *"Para sa akin ang pagdarasal ay bugso ng puso; ito ay payak na pagtingin sa langit, isang sigaw ng pagkilala at pag-ibig, pagyakap sa pagsubok at tuwa."*

> *"Kaya naman ang pananalangin ay ang pagtataas ng isip at puso sa Diyos o paghiling ng mabubuting bagay sa Diyos. At ang saligan ng pananalangin ay pagpapakumbaba. Siya na nagpapakumbaba ay itinataas. Sa mapakumbabang pag-amin natin na 'tayo ay hindi marunong magdasal ayon sa nararapat', diyan lamang natin matatanggap ang biyaya ng pagdarasal. 'Ang tao ay namamalimos sa harap ng Diyos'." (CCC #2559)*

Malugod at masaya kong tinatanggap at inirerekomenda itong gabay sa pagdarasal na pinamagatang: "*SIGLA NG PANANAMPALATAYA, Tunog, Tinig at Titik ng Panalangin*" na sinipi at inihanda ni Rdo. Padre Jesus Augusto B. Angeles.

Ang layunin ng gabay na ito ay upang tulungan tayo, lalo na ang mga kabataan at mga bagong Kristiyano, na matutunan ang mga unang hakbang sa paglago sa buhay-panalangin.

Sa gabay na ito ay matatagpuan ang mga pundamental na mga panalangin, gabay sa pagdarasal gamit ang Biblia, sa pangungumpisal at pagtanggap ng mga sakramento tulad ng Banal na Eukaristiya.

Ang pagdarasal ay nagmumula sa isip, puso at kaluluwa at hindi ito *'walang kabuluhang paulitulit.' (Mateo 6:7)* Gayon pa man, huwag nating kalilimutan na maging ang Panginoon ay tinuran tayo ng dasalin, ang *'Ama Namin.' (Cf. Lucas 11:1-13)*
May nilalaman ang ating pananampalataya at gayon din ang ating panalangin. Ang pagdarasal sa Diyos ay hindi lamang magandang pakiramdam, ito ay pagkilala sa Diyos na nagpakilala sa atin sa kasaysayan, lalo na sa pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos na si Jesus. Malaking tulong na matutunan at maisaulo ang mga *'basic prayers',* sapagkat mayroong nilalaman ang ating panampalataya.

Kaya naman sa pagdarasal mahalaga na alam natin kung 'ano' -aral *(head/doctrine)*, 'paano' – asal *(hand/moral)* at 'bakit' - dasal *(heart/worship)* tayo dumudulog sa Diyos. Ang mga *'basic prayers'* ay nagbibigay sa atin ng lakas at sigla upang maghangad at magsumikap na lumago sa pagpapakabanal tungo sa ganap na pagpapakatao at paglapit sa Diyos.

Ang gabay na ito ay magagamit sa pagdarasal sa loob ng pamilya, ng kapilya, barangay at parokya. Kung saan tayo naroroon, kung saan tayo nagtatrabaho, kung saan nating ginugugol ang atin oras araw-araw, mainam na doon din tayo makapagdasal: magpuri sa Diyos, humingi ng tulong, tawad at gabay.

Magagamit ito ng mga magulang, katekista at guro sa pag-akay sa mga kabataan sa buhay-panalangin. Ang pagdarasal ay isang *'lifeline'* para sa atin.

Salamat kay Fr. Toti sa pagsipi nito at sa mga naging katuwang niya sa paghahanda nito. Ito ay isang pagtugon sa panawagan ng bagong ebanghelisasyon. Tunay na ang panalangin ay siyang pinto sa ating buhay-pananampalataya.

Pagpalain nawa ang ating mga pagsusumikap ng Poong Maykapal: Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Amen.

**+Rex Andrew C. Alarcon, D.D.**
Obispo ng Daet



# *Paunang Salita*

*Maikling katekesis ukol sa panalangin*

*Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles III*

Iisa ang hangarin ng libritong ito: ang maging tulong sa pagdarasal. Napakahalaga ng panalangin sa buhay-kristiyano sapagkat ito “ang dakilang pinto papasok sa pananampalataya”. (YOUCAT, 279) Ang panalangin ang uudyok upang hindi na lamang tayo mabuhay para sa sarili at para sa sa ating sariling lakas. Higit sa lahat, tayo ay nananalangin sapagkat nababatid natin na may Diyos na gagabay sa atin na maaari nating kausapin.

Ano nga ba ang panalangin? Ang panalangin ay ang pagbaling ng puso sa Diyos. Kapag ang tao ay nananalangin, pumapasok siya sa buhay-ugnayan sa Diyos. (CCC, 2558-2565). Sabi nga ni Sta. Teresa ng Lisieux: “…ang panalangin ay ang pagdaluyong ng puso; ito ay simpleng pagtingin patungong langit, ito ay tawag ng pagkilala at ng pag-ibig, pagyakap sa pagsubok at saya.”

Paano ba tayo manalangin? Ang mga sumusunod na talata ay hango sa Catechism of Catholic Church at YOUCAT upang ipaliwanag ang katanungang ito.



**ANO ANG NAG-UUDYOK SA TAO UPANG MAGDASAL?** (YOUCAT, 470)

***Nagdarasal tayo dahil tayo ay lubos na naghahangad sa Diyos at dahil sa tayo ay nilikha ng Diyos para sa kanya. Sabi nga ni San Agustin "Ang ating mga puso ay hindi mamamahinga hanggang makahanap kami SAYO ng kapahingahan". Tayo ay nagdarasal dahil kailangan natin ito; Sabi naman ni Mother Teresa; "Dahil hindi ako makakaasa sa aking sarili, Sa Kanya ako umaasa, dalawampu't apat na oras sa bawat araw." [2566-2567, 2591]***

Madalas natin na makaligtaan ang Diyos, tumakbo palayo at nagtatago sa Kanya. Kahit pa iwasan natin ang pag iisip tungkol sa kanya at itatwa Siya — Siya ay palaging nariyan para sa atin. Hinanap na Niya tayo bago natin SIYA hanapin. Nananabik Siya sa atin at tinatawag niya tayo. Kinakausap mo ang iyong budhi at napapansin mo na ang Diyos na ang iyong kausap. Nakadarama ka ng pag-iisa, walang makausap at nararamdaman mo na ang Diyos ay laging nariyan para makausap. Ikaw ay nasa panganib at naranasan mong humingi ng tulong sa Diyos at ito'y tinugunan Niya. Ang pananalangin ay tila paghinga, pagkain at pagmamahal na ginagawa ng tao. Ang panalangin ay magpapadalisay. Ang pagdarasal ay naglalayo sa atin sa tukso. Ang pagdarasal ay nagpapalakas sa atin sa ating kahinaan. Inaalis nito ang takot at dinaragdagan ang ating lakas, at binibigyan tayo ng panibagong pagkakataon. Ang pananalangin ay nagpapasaya sa tao.

**BAKIT NAKAKASIGURADO TAYONG DINIDINIG NG DIYOS ANG ATING MGA PANALANGIN?**
(YOUCAT, 478)

***Maraming tao ang tumatawag kay Hesus noong Siya ay nabubuhay pa sa lupa upang sila'y pagalingin at ang kanilang mga panalangin ay natupad. Si Hesus na muling nabuhay ay nakikinig sa ating mga kahilingan at dinadala Niya ito sa Diyos Ama.***
***[2615 – 2616, 2621]***

Kahit hanggang ngayon ay alam natin ang pangalan ng opisyal ng Sinagoga: Si Jairus ang lalaking nakiusap kay Hesus at ang kanyang panalangin ay nasagot. Ang kanyang anak na babae ay nasa bingit na ng kamatayan. Walang sinuman ang makakatulong sa Kanya. Hindi lamang pinagaling ni Hesus ang anak na babae ni Jairus, siya rin ay muling binuhay. (Mc 5:21 43). Si Hesus ay pinatutunayang nakapagpagaling ng napakaraming sakit. Gumawa Siya ng mga tanda at mga himala. Ang mga pilay, may ketong at mga bulag ay tumawag kay Hesus at hindi sila nabigo. May mga patotoo rin hinggil sa mga nasagot na mga panalangin ng mga banal ng Simbahan. Maraming mga Kristiyano ang makakapagkwento kung paano sila tumawag sa Diyos at dininig ng Diyos ang kanilang panalangin. Ang Diyos samakatuwid ay hindi isang makina. Dapat tayong manalig sa kanya at hayaan natin kung paano Niya sasagutin ang ating mga panalangin. 40, 51



**ANO ANG TAWAG SA LIMANG URI NG PANALANGIN?** (YOUCAT, 470)

***Ang limang uri ng panalangin ay ang mga sumusunod: Pagbabasbas at Pagsamba, Panalangin ng Paghiling, Panalangin ng Pamamagitan, Panalangin ng Pasasalamat, at Panalangin ng Pagpupuri. [2626 - 2643]***

**ANO ANG PANALANGIN NG PAGBABASBAS?** (YOUCAT, 484)

***Ang panalangin ng pagbabasbas ay humihiling sa Diyos na padaluyin ang kanyang pagpapala sa atin. Ang kanyang kabutihan, ang kanyang pagiging malapit at ang kanyang awa ay biyaya. "Basbasan nawa kayo ng ating Panginoon" ang pinakamaikling panalangin ng pagbabasbas. [2626- 2627]***
`Ang bawat Kristiyano ay dapat tumatawag sa Diyos para sa kanyang Pagbabasbas. Naglalagay ng Tanda ng Krus ang mga magulang sa noo ng kanilang anak. Binabasbasan ang bawat isa ng taong nagmamahalan. Ang mga taong nagmamahalan ay maaaring basbasan ng bawat isa. Gayundin, sa pamamagitan ng kapangyarihang iginawad sa > PARI, siya ay ang nakapagbabasbas sa pangalan ni Hesus at sa ngalan ng Simbahan. Ang kanyang hiling na basbasan ang sambayanan ng Diyos ay higit na epektibo din naman sa pamamagitan ng Banal na Orden at ng kapangyarihan ng panalangin ng buong Simbahan.





**BAKIT NATIN KAILANGANG SAMBAHIN ANG DIYOS?** (YOUCAT, 485)

Ang bawat tao na nakakaunawa na siya ay nilikha ng Diyos ay mapagkumbabang kumikilala sa kanyang kapangyarihan at sumasamba sa Kanya. Ang pagsamba ng mga Kristiyano, gayunman ay hindi lamang tumitingin sa kapangyarihan at maging sa kabanalan ng Diyos. Ito rin ay paninikluhod sa Banal na Pag-ibig na nagkatawang-tao kay Hesukristo.

Ang sinumang sumasamba sa Diyos ay lumuluhod at nagpapatirapa bilang paggalang sa kanya. Ito ang nagpapatotoo sa ugnayan ng Diyos at ng tao: Na ang Diyos ay Dakila at tayo ay hamak na nilalang lamang. Gayunman, ang tao ay hindi nakakahigit kahit pa siya ay lumuhod nang malaya at taimtim sa harap ng Diyos. Ang mga hindi sumasampalataya, kapag nagsimulang manalagin ay nakakasumpong ng daan patungo sa Diyos. 353

**BAKIT NATIN KAILANGANG HUMILING SA DIYOS?** (YOUCAT, 486)

**Kilala na tayo ng Diyos at alam Niya kung ano ang ating mga pangangailangan. Sa kabila nito, nais ng Diyos na tayo ay tumawag sa kanya, bumaling tayo sa Kanya sa oras ng pangangailangan, tumangis sa kanya, lumuhog sa Kanya, dumaing sa kanya, tumawag sa Kanya at magpunyagi kasama Niya sa panalangin. [2629 - 2033]**

Sa totoo lang, hindi na kailangan ng Diyos ang ating mga kahilingan upang matulungan tayo. Ang paghiling sa kanya ay para sa ating kapakanan. Ang sinumang hindi humiling at hindi nais na humiling ay isinasara ang




kanyang mismong sarili. Tanging ang taong tumawag sa Diyos ang nagbukas ng kanyang kalooban sa pinagmumulan ng lahat ng kabutihan. Ang sinumang tumawag sa Diyos ay nanunumbalik sa Diyos. Kaya ang panalangin ng kahilingan ang nagdadala sa tao sa tamang pakikipag-ugnayan sa Diyos na gumagalang sa ating kalayaan.

**BAKIT KAILANGAN NATING HUMILING SA DIYOS PARA SA IBANG TAO?** (YOUCAT, 487)

**Tulad ng pagdarasal ni Abraham para sa mga mamamayan ng Sodom, tulad ni Hesus na nagdsal para sa kanyang mga alagad at tulad ng mga sinaunang mga Kristiyano na hindi lamang sariling kapakanan ang iniisip kundi pati ang iba (Fil 2:4), ipinagdarasal natin ang bawat isa bilang mga Kristiyano-ang mga taong malapit sa ating mga puso, ang mga tao na hindi natin kilala at kahit pa ang ating mga kaaway. [ 2634 – 2636, 2647]**

Kapag mas malimit na magdasal ang tao, mas malalim niyang napagtatanto na may ugnayan siya sa isang pamilyang espiritwal kung

saan ang kapangyarihan ng panalangin ay mas nagiging mabisa kasama ang lahat ng aking pagmamalasakit para sa mga taong aking minamahal, ako ay nakatago sa gitna ng pamilya ng sangkatauhan at maaaring tumanggap ng lakas mula sa panalangin ng iba at maaaring tumawag ng tulong mula sa itaas para sa kanila. 477

**BAKIT KAILANGAN NATING PASALAMATAN ANG DIYOS?**
(YOUCAT, 488)

***Kung ano tayo at kung ano ang mayroon tayo ay galing sa Diyos. Sinabi ni Pablo, "Ano talaga ang nagtatangi sa iyo? At anong mayroon ka na hindi mo tinanggap? At kung tinanggap mo ito, bakit ka nagyayabang na parang hindi ito tinanggap?" (1 Cor 4:7). Ang pagpasalamat sa Diyos na nagbibigay ng lahat ng mabubuti sa mundo ay nagpapaligaya sa atin. [2637 – 2638, 2648]***

Ang pinakadakilang panalangin ng pasasalamat ay ang "EUKARISTIYA" ("pasasalamat" sa Griyego) ni Hesus, kung saan Kanyang kinuha ang tinapay at alak upang ialay ang mga ito sa Amang Maylikha. Nagbagong-anyo ito. Sa tuwing ang mga Kristiyano ay nagpapasalamat, nakikiisa sila sa dakilang panalangin ng pasasalamat ni Hesus. Alam natin na tayo ay binago at iniligtas ni Hesus, kaya sa kaibuturan ng ating mga puso tayo ay nagpapasalamat at ipinahahayag natin ito sa kanya sa iba't ibang paraan.

**ANO ANG IBIG SABIHIN NG PAGPUPURI SA DIYOS?**
(YOUCAT, 489)

***Hindi kailangan ng Diyos ang mga papuri. Ngunit kailangan nating ipahayag ang ating kagalakan sa Diyos at ang pagpupuri ng ating mga puso. Pinupuri natin ang Diyos dahil siya ay umiiral at Siya ay mabuti. Tayo ay nakikiisa ngayon pa lamang sa mga anghel at mga banal sa langit sa walang hanggang pagpupuri sa Diyos. [2639 - 2642]***

**MATUTUTO BA TAYONG MAGDASAL GAMIT ANG BIBLIYA?** (YOUCAT, 491)

***Ang BIBLIYA ay bukal ng mga panalangin. Ang pananalangin gamit ang Salita ng Diyos ay nangangahulugan ng paggamit ng mga salita at mga pangyayari sa Bibliya para sa panalanging pansarili. "Ang kamangmangan sa Salita ng Diyos ay ang hindi pagkilala kay Kristo" (San Geronimo). [2652 - 2653]***

Ang Banal na Kasulatan lalo na ang mga Salmo at ang BAGONG TIPAN ay kalipunan ng mga dasal. Matatagpuan natin dito ang pinakamakapangyarihang panalangin ng mga Hudyo at Kristiyano. Ang pag-usal sa mga panalanging ito ay pakikiisa sa milyong tao na nagdasal ng mga ito. Higit sa lahat, pakikiisa rin ito kay Kristo na naroon mismo sa lahat ng mga panalanging ito. 16

**ANG AKING PANSARILING PANALANGIN BA AY MAY KINALAMAN SA PANALANGIN NG SIMBAHAN?** (YOUCAT, 492)

***Sa pampublikong pagsamba sa Simbahan, sa Panalangin sa Maghapon (Liturgy of the Hours) at sa Banal na Misa, ang karaniwang panalangin ay dinadasal mula sa Banal na Kasulatan o mula sa Tradisyon ng Simbahan. Pinag iisa nito ang indibidwal sa nananalanging komunidad ng Simbahan. [2655 – 2658, 2662]***

Ang panalangin ng mga Kristiyano ay hindi pribado pero ito ay personal na bagay. Ang personal na panalangin ay napapadalisay, napapalawak at napapalakas kapag sa tuwina'y dumadaloy sa panalangin ng buong Simbahan. Ito ay isang maganda at dakilang tanda kung kailan ang mga mananampalataya sa buong mundo ay nagkakaisa at sa pamamagitan ng magkatulad na mga panalangin ay umaawit ng iisang himno ng pagluwalhati sa Diyos. 188



**ANU-ANO ANG MGA KATANGIAN NG KRISTIYANONG PANALANGIN?** (YOUCAT, 493)

***Ang Kristiyanong panalangin ay isinasagawa sa diwa ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa. Ito ay matiyagang umaasa at nagtatalaga sa kalooban ng Diyos. [2656 – 2658, 2662]***

Ang sinumang nananalangin bilang isang Kristiyano ay iniiwas ang sarili upang pumasok sa loob ng kanyang mapagtiwalang pananampalataya sa iisang Diyos at Panginoon at nagiging daan ito upang magkaroon siya ng pag-asa sa Panginoon na maririnig Niya, mauunawaan Niya, matatanggap Niya at magiging ganap ang dumadalangin sa kanya. Sinabi ni San Juan Bosco "Tatlong mahahalagang bagay ang kainakailangan upang maunawaan ang kalooban ng Diyos: panalangin, paghihintay, at pahingi ng payo." Sa huli, ang Kristiyanong panalangin ay ang palaging pagpapahayag ng pagibig na nagmumula sa pag-ibig ni Kristo at naghahangad sa banal na pagibig.

**PAANO NATIN MAGAGAWA NA ANG ARAW-ARAW NATING MGA GAWAIN AY MAGING GAWA NG PANALANGIN?**
(YOUCAT, 494)

***Ang bawat pangyayari sa ating buhay ay maaaring maging daan upang makausap natin ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin.***

***Habang lumalalim ang pakikipag-ugnayan natin sa Diyos, lumalalim din ang pang-unawa natin sa mga bagay na nasa ating paligid. [2659 - 2660]***

Ang sinumang naghahangad ng pakikiisa kay Hesus sa simula pa lamang ng araw ay nagiging biyaya sa mga taong makakasalamuha niya at kahit ng kanyang mga katunggali at kaaway. Sa buong araw, itinataas niya lahat ng kanyang mga gawain sa Diyos. Mas payapa ang kanyang kalooban at talagang nagniningning. Tinatanong muna niya ang kanyang sarili kung naaayon ba sa gawi ni Hesus ang kanyang gagawin bago magpasya. Nagagapi niya ang takot sa pamamagitan ng pananatiling malapit sa Diyos. Sa mga sitwasyong alanganin, may maaasahan siyang tutulong. Siya ang tagapagdala ng kapayapaan sa ibang tao. Punung-puno siya ng pasasalamat at kagalakan para sa magagandang bagay at handang magtiis sa mga mabibigat na sitwasyon na kanyang hinaharap. Maging sa trabaho, posible ang kahandaang maging tapat sa Diyos.

**NAKAKASIGURADO BA TAYO NA DINIDINIG NG DIYOS ANG ATING MGA PANALANGIN?** (YOUCAT, 495)

***Ang ating mga panalangin na iniaalay natin sa ngalan ni Hesus ay tumutungo rin sa lugar na pinupuntahan ng panalangin ni Hesus: sa puso ng ating Amang nasa langit. [2664-2669, 2680-2681]***

Sigurado tayo didinggin ng Diyos kung mananalig lamang tayo kay Hesus. Dahil kay Hesus, muling nagbukas ang pinto ng langit na naharangan ng ating mga kasalanan. Dahil si Hesus ang daan patungo sa Ama, sa pagtatapos ng ating mga panalangin lagi nating sinasabi “Ito ang samo namin sa pangalan ni Hesus na aming Panginoon.” 477

**BAKIT KAILANGAN NATIN ANG ESPIRITU SANTO KAPAG NANANALANGIN?** (YOUCAT, 496)

Ang sabi sa BIBLIYA, "Hindi natin alam, ngunit ang espiritu ang sumasamo para sa atin sa paghibik na di kayang sabihin" (Rom 8:26).

Ang pagdarasal sa Diyos ay posible lamang kasama ang Diyos. Hindi nagtatapos ang ating mga panalangin kapag nakarating na ito sa Diyos. Natanggap nating mga Kristiyano ang Espiritu ni Hesus, na buong loob na nanabik na makiisa sa kanyang Ama: maging mapagmahal sa lahat ng pagkakataon, makinig sa bawat isa, maunawaan ang bawat isa, at buong pusong malaman kung ano ang nais ng bawat isa ng buong pansin. Nasa atin ang banal na Espiritu ni Hesus at Siya ay nangungusap sa atin kapag tayo ay nagdarasal. Ang panalangin ay nangangahulugan na, sa kaibuturan ng ating mga puso, ang Diyos ay nakikipag-usap sa atin. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na manalangin. Kaya naman kailangan natin itong ulit-ulitin, "Halina Espiritu Santo, Halina at tulungan mo akong manalangin." 120

**BAKIT NAKAKATULONG NA DUMULOG SA MGA BANAL KAPAG NANANALANGIN?** (YOUCAT, 497)

***Ang mga Banal ay mga taong nag-aalab sa Espiritu Santo; pinananatili nilang nagniningas ang apoy sa simbahan. Kahit noong sila'y nabubuhay pa, masigasig silang nanalangin sa paraang makikitang halimbawa ng iba. Kung tayo ay malapit sa kanila, madali ang manalangin. Hindi natin kailanman***



***sinasamba ang mga banal o santo; inaanyayahan lamang tayo na tumawag sa kanila sa langit upang sa tulong nila, madaling maiparating sa Diyos ang ating mga kahilingan. [2683 - 2684]***

Sa mga dakilang santo umunlad ang iba’t ibang pangkat ng ESPIRITUWALIDAD na bagamat kumakatawan sa iba’t bang kulay ay tumutungo lahat sa dalisay na liwanag ng Diyos. Pawang nagsisimula ang mga espirituwalidad na ito sa batayang elemento ng pananampalataya upang mamuno papasok sa pinto tungo sa pananampalataya at katapatan sa Diyos. Ang espirituwalidad ng mga Pransiskano ay nagsisimula sa espirituwal na karalitaan. Ang espirituwalidad ng mga Benediktino naman ay sa pamamagitan ng pagpupuri sa Diyos at ang espirituwalidad ni San Ignacio ay tungkol sa bokasyon at mabuting pagpapasya. Ang espirituwalidad kung saan ang sinuman ay naaakit depende sa personal na katangian ay laging nakapaloob sa pangkat ng tradisyon ng pananalangin.

**MAAARI BA TAYONG MAGDASAL KAHIT SAAN?** (YOUCAT, 498)

***Oo, maaaring magdasal kahit saan. Kung ikaw ay isang Katoliko, hahanap ka ng isang lugar kung saan nananatili ang presensiya ng Diyos. Higit sa lahat ng ito, ang mga simbahang Katoliko, ang lugar kung saan naroon ang Panginoon sa TABERNAKULO sa anyo ng mga pinabanal na tinapay. [2691 - 2696]***

Mahalaga para sa atin na manalangin kahit saan; sa paaralan, o sa istasyon ng tren, kapag may kasiyahan at sa piling ng mga kaibigan. Ang buong mundo ay kinakailangan na mag-umapaw sa mga BIYAYA. Ngunit






mahalaga rin na dalawin natin ang mga sagradong lugar kung saan naghihintay sa atin ang Diyos upang makahanap tayo ng kapanatagan sa piling Niya, maging malakas, manumbalik tayo at humayo mula sa atas Niya. Ang totoong Kristiyano ay hindi lamang nagmamasid sa loob ng simbahan (na parang turista) kapag dumadalaw ito, siya ay nagtatagal at nanahimik, nagpupuri sa Diyos at pinagpapanibagong muli ang pakikipagkaibigan at pag-ibig sa Kanya. 218

**KAILAN DAPAT MAGDASAL ANG TAO?**
(YOUCAT, 499)

***Ang mga sinaunang Kristiyano ay nagdarasal sa umaga, bago sila kumain at sa gabi. Ang sinumang hindi nagdarasal nang palagian ay hindi na talaga makapagdarasal. [2697 – 2698, 2720]***

Ang sinumang umiibig subalit hindi gumagawa ng paraan upang ipahayag ang pag-ibig na ito ay hindi talagang umiibig. Ganito rin ang pag-ibig sa Diyos. Ang sinumang naghahangad sa Diyos ay palaging nagpapahatid ng mga tanda na ibig niyang makapiling Siya at manatiling kaibigan. Ang buong araw mo ay tiyak na magiging makabuluhan kung sa umaga pa lamang ay humiling na tayo ng BIYAYA at hinihiling nating "manatili Siya" sa atin sa lahat ng ating gagawin at sa ating mga pangangailangan. Magpasalamat sa kanya lalo na sa oras ng pagkain. Sa pagtatapos ng araw ay ilagay natin sa kanyang mga kamay ang lahat-lahat, humingi ng kapatawaran at manalangin para sa kapayapaan ng kalooban at ng ibang tao. Ito ay dakilang araw na punung-puno ng mga tanda na umaabot sa Diyos. 188




ang Misa
ng Sambayanan

## PASIMULA

*Pari:* Sa ngalan ng Ama, at ng Anak,
at ng Espiritu Santo.

*Bayan:* ***Amen.***

*Pari:* Ang pagpapala
ng ating Panginoong Hesukristo,
ang pag-ibig ng Diyos Ama,
at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo,
nawa'y sumainyong lahat.

*Bayan:* ***At sumaiyo rin.***

*Pari:* Mga kapatid, aminin natin
ang ating mga kasalanan upang tayo'y
maging marapat gumanap
sa banal na pagdiriwang.

*Pari at Bayan:*

***Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos,***
***at sa inyo, mga kapatid,***
***na lubha akong nagkasala***
**(Ang lahat ay dadagok sa dibdib)**
***sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang.***
***Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria,***
***sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo,***
***mga kapatid, na ako'y ipanalangin***
***sa Panginoong ating Diyos.***

*Pari:* Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,
patawarin tayo sa ating mga
kasalanan, at patnubayan tayo
sa buhay na walang hanggan.


*Bayan:* ***Amen.***

*Pari:* Panginoon, kaawaan mo kami.
*Bayan:* ***Panginoon, kaawaan mo kami.***

*Pari:* Kristo, kaawaan mo kami.
*Bayan:* ***Kristo, kaawaan mo kami.***

*Pari:* Panginoon, kaawaan mo kami.
*Bayan:* ***Panginoon, kaawaan mo kami.***

*Papuri sa Diyos sa kaitaasan*
*at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong*
*kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin,*
*dinarangal ka namin,*
*sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin,*
*pinasasalamatan ka namin*
*dahil sa dakila mong angking kapurihan.*
*Panginoong Diyos, Hari ng langit,*
*Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.*
*Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,*
*Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.*
*Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,*
*maawa ka sa amin.*
*Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,*
*tanggapin mo ang aming kahilingan.*
*Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,*
*maawa ka sa amin.*
*Sapagkat ikaw lamang ang banal,*
*ikaw lamang ang Panginoon,*
*ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,*
*kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan*
*ng Diyos Ama. Amen.*



## PANALANGING PAMBUNGAD

*Pari:* Manalangin tayo.
Ama naming makapangyarihan ....
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan.

*Bayan:*
***Amen.***

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## UNANG PAGBASA

*Taga-basa:* Pagbasa mula sa ...
Ang Salita ng Diyos.
*Bayan:* ***Salamat sa Diyos.***

## SALMONG TUGUNAN

## IKALAWANG PAGBASA

*Taga-basa:* Pagbasa mula sa ...
Ang Salita ng Diyos.
*Bayan:* ***Salamat sa Diyos.***

## MABUTING BALITA

*Pari:* Sumainyo ang Panginoon.
*Bayan:* ***At sumaiyo rin.***

*Pari:* Ang Mabuting Balita ng Panginoon
ayon kay ...
*Bayan:* ***Papuri sa iyo, Panginoon.***

*Pari:* Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
*Bayan:* ***Pinupuri ka namin,***
***Panginoong Hesukristo.***

## HOMILIYA

## PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.
Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,
ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw, nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluklok sa kanan ng Diyos Amang
makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumula't paririto at huhukom
sa nangabubuhay at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo,
sa Banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan.
Amen.

## PANALANGIN NG BAYAN

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

### PAG-AALAY NG TINAPAY

*Pari:* Kapuri-puri ka,
Diyos Amang lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob,
narito ang aming maiaalay.
Mula sa lupa at bunga ng aming paggawa,
ang tinapay na ito para maging
pagkaing nagbibigay-buhay.

*Bayan:* ***Kapuri-puri ang Poong Maykapal,***
***ngayon at kailanman!***

### PAG-AALAY NG KALIS

*Pari:* Kapuri-puri Ka,
Diyos Amang lumikha ng sanlibutan.
Sa Iyong kagandahang-loob,
narito ang aming maiaalay.
Mula sa katas ng ubas at bunga
ng aming paggawa,
ang alak na ito para maging
inuming nagbibigay
ng Iyong Espiritu.

*Bayan:* ***Kapuri-puri ang Poong Maykapal,***
***ngayon at kailanman!***

*Pari:* Manalangin kayo, mga kapatid,
upang ang paghahain natin ay kalugdan ng
Diyos Amang makapangyarihan.

*Bayan:* ***Tanggapin nawa ng Panginoon***
***itong paghahain sa iyong mga kamay,***
***sa kapurihan niya at karangalan,***
***sa ating kapakinabangan***
***at sa buong Sambayanan niyang banal.***

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

*Pari:* Ama naming lumikha, ...
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.


*Bayan:* ***Amen.***

## PANALANGIN NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT II

*Pari:* Sumainyo ang Panginoon.
*Bayan:* ***At sumaiyo rin.***

*Pari:* Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
*Bayan:* ***Itinaas na namin sa Panginoon.***

*Pari:* Pasalamatan natin ang Panginoong
ating Diyos.
*Bayan:* ***Marapat na siya ay pasalamatan.***



*Pari:* Ama naming makapangyarihan,
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa Iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa Iyong kadakilaan:

*Bayan:* ***Santo, Santo, Santo,***
***Panginoong Diyos ng mga hukbo!***
***Napupuno ang langit at lupa***
***ng kadakilaan mo!***
***Osana sa kaitaasan!***
***Pinagpala ang naparirito***
***sa ngalan ng Panginoon!***
***Osana sa kaitaasan!***

*Pari:* Ama naming banal …

## AKLAMASYON

*Pari:* Ipagbunyi natin ang misteryo
ng pananampalataya.

*Bayan:* ***Si Kristo'y namatay!***
***Si Kristo'y nabuhay!***
***Si Kristo'y babalik***
***sa wakas ng panahon!***

*O kaya:*

*Sa pamamagitan ng iyong krus at*
*muling pagkabuhay, iniligtas mo kami,*
*O Manunubos ng sanlibutan.*

*O kaya:*

*Ang kamatayan mo, Panginoon,*
*aming ipinahahayag.*
*Ang muli mong pagkabuhay*
*ay ipinagdiriwang,*
*hanggang sa iyong pagbabalik.*

*O kaya:*

*Tuwing tatanggapin namin*
*itong tinapay at kalis, kamatayan mo,*
*O Panginoon, aming ipinahahayag*
*hanggang sa iyong pagbabalik.*

## DOXOLOHIYA


*Pari:* Sa pamamagitan ni Kristo, kasama niya,
at sa kanya ang lahat ng parangal
at papuri ay sa iyo,
Diyos Amang makapangyarihan,
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

*Bayan:* ***Amen.***

## ANG PAKIKINABANG

*Pari:* Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos
at turo ni Hesus na Panginoon
natin at Diyos, ipahayag natin nang
lakas- loob:

*Bayan:* ***Ama namin, sumasalangit ka,***
***Sambahin ang ngalan mo.***
***Mapasaamin ang kaharian mo,***
***Sundin ang loob mo***
***dito sa lupa para nang sa langit.***
***Bigyan mo kami ngayon***
***ng aming kakanin sa araw-araw.***
***At patawarin mo kami sa aming mga sala***
***para nang pagpapatawad namin***
***sa nagkakasala sa amin.***
***At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.***
***At iadya mo kami sa lahat ng masama.***



***Ama niamo na yaon sa langit,***
***Pabanalon an ngaran mo.***
***Magdatong an kahadean mo,***
***Mangyari an boot mo sa daga***
***nin siring sa langit.***
***an samong kakanon sa aro-aldaw***
***itao mo samuya ngonian,***
***asin patawadon mo kami***
***sa samong manga kasalan,***
***siring na pinapatawad niamo***
***an mga nagkakasala samuya;***
***asin hare kami pagdaraha sa sugot***
***kundi agawa kami sa maraot.***

*Pari:* Hinihiling naming
kami'y iadya sa lahat ng masama,
pagkalooban ng kapayapaan araw-araw,
iligtas sa kasalanan at ilayo
sa lahat nga kapahamakan
samantalang aming pinananabikan
ang dakilang araw ng pagpapahayag
ng Tagapagligtas naming si Hesukristo.

*Bayan:* ***Sapagkat sa iyo ang kaharian***
***at ang kapangyarihan at ang kapurihan***
***magpakailanman! Amen.***

***Huli ta saimo an kahadean,***
***asin an kapangyarihan, siring man an***
***kamurawayan sa manga kapanahonan.***
***Amen.***

## PAGBIBIGAYAN NG KAPAYAPAAN

*Pari:* Ang kapayapaan ng Panginoon
ay laging sumainyo.

*Bayan:* ***At sumaiyo rin.***

*Pari:* Magbigayan kayo ng kapayapaan sa isa't isa.

## PAGHAHATI NG OSTIYA

*Inaawit o binibigkas:*


*Lahat:* *Kordero ng Diyos*
*na nag-aalis ng mga kasalanan*
*ng sanlibutan, maawa ka sa amin.*

*Kordero ng Diyos*
*na nag-aalis ng mga kasalanan*
*ng sanlibutan, maawa ka sa amin.*

*Kordero ng Diyos na nag-aalis*
*ng mga kasalanan ng sanlibutan,*
*ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.*

*Pari:* Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis
ng mga kasalanan ng sanlibutan.
Mapalad ang mga inaanyayahan
sa Kanyang piging.

*Bayan:* ***Panginoon, hindi ako karapat-dapat***
***na magpatuloy sa iyo ngunit***
***sa isang salita mo lamang***
***ay gagaling na ako.***



## AWIT SA PAKIKINABANG

*Pari:* Katawan ni Kristo.
*(Sasagot ang makikinabang:)*
***Amen.***

## PANALANGIN PAGKAPAKOMUNYON

*Pari:* Manalangin tayo ....
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo,
magpasawalang hangan.

*Bayan:* ***Amen.***

## PAGHAYO SA PAGWAWAKAS

*Pari:* Sumainyo ang Panginoon.

*Bayan:* ***At sumaiyo rin.***

*Pari:* Pagpalain kayo
ng makapangyarihang Diyos,
Ama at Anak + at Espiritu Santo.

*Bayan:* ***Amen.***

*Pari:* Humayo kayong taglay
ang kapayapaan upang ang Panginoon
ay mahalin at paglingkuran.

*Bayan:* ***Salamat sa Diyos.***

# Paano Magkumpisal?

*Isang maikling gabay sa paraan ng tamang pagkukumpisal*



## 1. PAGSUSURI NG SARILI

- Buong sigasig na tukuyin bawat kasalanang mortal na nagawa. Maaaring magsimula sa Sampung Utos.

- Manalangin sa Diyos ng mataimtim. Hilingin na tanggapin ka niya at tulungang magbukas-loob sa kanya. Hilingin din ang *biyaya ng tunay at ganap na pagsisisi.*

- Maaaring isulat sa papel ang ating mga kasalanan upang hindi ito makalimutan pagharap sa pari. Huwag mahihiyang ilahad lahat ng kasalanan, gaano man kabigat. ***Ang sadyang paglilihim sa pari ng kasalanang mortal ay isang dagdag pang kasalanan.***

## 2. PAGKUKUMPISAL SA PARI

- Magsimula sa Tanda ng Krus:
  Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

- Sabihin sa Pari: **"Basbasan niyo po ako, Padre, sapagkat ako'y nagkasala. Ang aking huling kumpisal ay ______________________."** Sabihin kung kailan ang huling kumpisal. Huwag mahiyang sabihin kung matagal na hindi nakapagkumpisal. Masaya ang Diyos at ang Pari na ikaw ay nagbalik!

- Sabihin sa Pari lahat ng kasalanan. Huwag maglilihim ng kahit na ano. Si Kristo ang nakikinig sa ating pag-amin at pagpapakumbaba.

- Pagkatapos ay sabihing, "Padre, ito po lahat ng kasalanang aking nagawa."



## 3. *MAKINIG SA PARI*

- Maaaring magbigay ang pari ng ***pangaral at payo***. Makinig ng mabuti, pagnilayan, at sundin ito.

- Pakinggan ang ***Penitensiya (Penance)*** na ipapataw sa 'yo bilang tanda ng pagsisisi at pagbabayad-puri. Karaniwan na ito'y pananalangin, ngunit maaari rin naming pagkakawanggawa (acts of charity).

## 4. *DASALIN ANG PAGSISISI*

- Sa wikang Ingles, ito ang tinatawag na ***Act of Contrition***. Ito ay isang mataimtim na dasal ng pag-ako sa ating mga kasalanan, pagpapahayag ng ganap na pagsisisi, at pangangako sa Diyos na sa ating buong kakayanan at sa kanyang tulong ay iiwas na tayo sa kasalanan.

  **"O Diyos ko, pinagsisisihan kong lubos ang pagkakasala ko sa iyo dahil ikaw ang Diyos na ubod ng kabutihan at karapat-dapat sa buo kong pag-ibig. Nagtitika akong lubos, sa tulong ng iyong biyaya na iwasan ang mga kasalanan at ang mga pagkakataon ng pagkakasala, at tuparin ang iyong kalooban. Amen."**

- May mga simbahan kung saan nakapaskil ang dasal ng ito sa loob ng kumpisal.

## 5. TANGGAPIN ANG KAPATAWARAN

- Sa bahaging ito igagawad ng pari ang kapatawaran o ***Absolution***.
- Sasabihin ng pari, ***"...pinatatawad kita sa iyong mga kasalanan, sa Ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo."*** Sabayan ito ng Tanda ng Krus, at sumagot ng "Amen."
- Maaaring magbigay ng mga huling paalala ang pari. Pagkatapos ay maaari ring magpasalamat sa paglalaan niya ng oras.

## 6. TUPARIN ANG PENITENSYA

- Paglabas ng kumpisalan, tuparin ang penitensyang iginawad ng pari.
- Maaaring ito ay sa pamamagitan ng panalangin o paggawa ng mabuti sa kapwa.
- Maaari ring gumawa ng *Corporal o Spiritual Acts of Mercy* (pagkakawanggawa) upang ipahayag sa Diyos ang ating pagsisisi at pagpapasalamat sa kanyang awa.
- Ipagdasal natin ang mga taong ating nasaktan at nagawan ng masama. Kung maaari, ***ipagbayad-puri natin ang mga ito (reparation.)***



## 7. MAGPASALAMAT SA DIYOS

- Manalangin ng mataimtim at pasalamatan ang Diyos sa kanyang awa at pagmamahal.

- Mabuti rin kung makadadalo agad sa Misa at matatangap si Kristo sa banal na pakikinabang ***(holy communion.)***

- Maganda rin kung makakapunta sa ***Banal na Sakramento (Blessed Sacrament / Adoration Chapel)*** at makapaglaan ng oras kay Kristo na nananahan sa santisimo sakramento.


- Sa bawat sandali ay tandaan ang pangako sa Diyos na gagawin ang lahat para hindi na magkasala pa. Bantayan ang sarili at magtiwala sa kanyang tulong.

## * MGA DAGDAG NA PAALALA

- Alamin ang schedule ng kumpisal sa inyong parokya. Maaari ring lumapit sa pari at magalang na itanong kung maaari niyang dinggin ang iyong kumpisal.

- Maging magalang sa pakikipag-usap sa pari.

- ***Ang mga may kasalanang mortal na hindi pa nakakapagkumpisal ay hindi maaaring tumanggap ng banal na komunyon.*** Ang pakikinabang ng isang taong wala sa State of Grace ay isang kalapastangan at mabigat na kasalanan, maliban na lamang sa mga pagkakataong pinahihintulutan ng batas ng Simbahan.



# GABAY SA PAGBABASA NG BIBLIA

*Inihanda ni Padre Philip Ibasco*



# ANG SALITA NG DIYOS SA BIBLIA

Sa pagdasal natin sa panalanging itinuro ng Panginoong Hesus sa Kanyang mga alagad, ating sinasabi, “Ama namin… bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw…” Ang ating kakanin sa bawat araw ay hindi lamang materyal na pagkain katulad ng kanin, gulay at isda para sa kalusugan ng ating katawan kundi espiritwal na pagkain para sa kalusugan ng ating kaluluwa. Kaugnay nito, winika ni Hesus sa demonyong sumubok sa Kanya sa ilang, “Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos” (Mateo 4:4). Ang espiritwal na pagkaing ito ay inihahain para sa atin sa Biblia. Ang aklat na ito na walang katulad ay tunay na Salita ng Diyos bagamat nasusulat sa mga salita nating mga tao. Kaloob ng Diyos para sa ating kaligtasan ang Banal na Aklat na “kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay” (2 Timoteo 3:16).

# MGA HAKBANG SA PAGBABASA NG BIBLIA

Maaari nating basahin ang Biblia nang nag-iisa at gayundin sa isang grupo. Ang daloy at paraan ng pagbabasa nito ay batay sa pagkaunawa natin kung ano ang Biblia.

## UNA, ANG BIBLIA AY ISANG "AKLAT" KAYA ITO AY BASAHIN.

Pumili ng isang bahagi ng Biblia bilang pagbasa. Maaaring gamitin ang Ebanghelyo sa Misang pang-araw-araw. Basahin nang may pitagan dahil ito ay Salita ng Diyos. Basahin nang dahan-dahan upang higit na manamnam ito at para lalong tumagos sa isipan at kalooban. Maaaring balikan nang sandali ang pangungusap o parirala na higit na nakatawag ng pansin at nakaantig ng damdamin. Magtanong ka: "Ano ba ang sinasabi sa teksto ng pagbasa? Ano ang mga sinabi ng mga tauhan sa pagbasa? Paano sila kumilos at ano ang kanilang ginawa?"

## IKALAWA, ANG BIBLIA AY "SALITA" NG DIYOS AT NG MGA TAO KAYA UNAWAIN.


Pagnilayan ang pagbasa upang mahagip ang mensahe o aral na hatid ng pagbasa. Magtanong ka: "Ano kaya ang kahulugan ng teksto ng pagbasa? Ano ang ipinahihiwatig at itinuturo hindi lamang ng mga sinabi ng mga tauhan sa pagbasa kundi ng mga ikinilos nila? Ano ang kaugnayan ng aral na ito sa aking buhay at kalagayan ngayon? Ano ang paanyaya nito na gawin ko?"

## IKATLO, ANG BIBLIA AY "SALITA NG DIYOS" NA NAKIKIPAG-USAP SA ATING MGA TAO KAYA PAKIKINGGAN AT TUTUGUNIN SA PANANALANGIN.

Balikan at namnamin ang salita ng Diyos para sa iyo sa pagbasa. Tugunin ito sa pamamagitan ng isang dasal mula sa iyong puso.

## IKAAPAT, ANG BIBLIA AY ISINULAT "PARA SA ATING KALIGTASAN" KAYA ATING GAGANAPIN AT ISASABUHAY.

"Pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito" (Lucas 11:28). Sa pagsasabuhay natin sa salita ng Diyos, nananatili ito sa atin dahil nakikita sa ating pag-uugali at pamumuhay. Magtanong ka: "Ano ang maaaring gawin para isabuhay ang Salita ng Diyos na binasa, pinagnilayan at dinasal?"



## ANG MGA HAKBANG NA ITO AY NAISASALARAWAN SA MGA SUMUSUNOD NA PAMAMARAAN:

## A. LECTIO DIVINA:


(1) ***Lectio*** = Pagbasa
(2) ***Meditatio*** = Pagninilay
(3) ***Oratio*** = Pananalangin
(4) ***Contemplatio*** = Pananatili sa Salita habang ninanamnam ito at pagpapatuloy nito sa pamumuhay

## B. BIBLIARASAL:

(1) Pagbasa mula sa Biblia
(2) Aral mula sa pagbasa
(3) Dasal bilang tugon
(4) Asal = pamumunga ng Salita ng Diyos sa pag-uugali at pamumuhay

## C. REAP:

(1) ***Reading*** = Pagbasa
(2) ***Exploring God's word*** = Pag-aaral at pagninilay
(3) ***Application of the word to one's life*** = Pag-uugnay sa sarili at pagsasabuhay
(4) ***Prayer*** = Pananalangin.



# MGA PANALANGIN BAGO ANG PAGDIRIWANG NG BANAL NA EUKARISTIYA



# Lunes

## *Panalangin sa Espiritu Santo*


Panginoong Hesukristo,
ipinadala Mo ang Iyong Banal na Espiritu
sa Iyong mga apostol upang lukuban sila
ng Iyong mga biyaya at pagmamahal
na magbibigay sa kanila ng lakas
at kapangyarihang magpatuloy
ng Iyong misyon ng Pagligtas.
Ipinangako Mo ring gagabay Ka
sa aming paglalakbay patungo
sa kaharian ng Iyong Ama
sa pamamagitan ng Iyong Espiritu Santo
na bunga ng pag-ibig ng Ama sa Anak
at ng Anak sa Ama.

Halina Espiritu Santo, punuin Mo kami
ng iyong banal na mga kaloob.
Puspusin Mo ng Iyong lakas
ang aming mga kahinaan upang matupad
ang lahat ng aming mga tungkulin.
Tulungan Mo kami, O Espiritung Banal,
sa lahat ng mga pagsubok sa buhay,
liwanagan mo ang aming kamangmangan,
payuhan sa aming mga pag-aalinlangan,
palakasin sa kahinaan, pagalingin sa mga karamdaman,
tulungan sa mga pangangailangan at kahihiyan,
ilayo sa tukso, at damayan sa kalungkutan.

Halina O Espiritung Banal,
halina't idulot sa amin ang Iyong liwanag,
biyaya, lakas, pag-ibig at kaluwalhatian.
O mapagpalang Banal na Espiritu,
lukuban Mo kami ng Iyong mga biyaya
at pagpapalang kailangan naming sa buhay
na ito patungo sa buhay na walang hanggan.
Ibaling Mo sa amin
ang Iyong pag-ibig na walang hanggan.

O Espiritu ng Ama, pagmamahal ng Anak,
pag-ibig na walang dungis
ng kamatayan at kasalanan,
akayin Mo kami sa kabutihan at kabanalan.
Nawa'y sa pananalanging ito,
matamo namin ang aming mga minimithi
lalo na ang intensiyong ito ____________________
at lahat ng mga panalanging inilalapit sa Iyo,
O Banal na Espiritu.

Papuri sa Diyos Ama, sa Diyos Anak,
at sa Diyos Espiritu Santo,
kapara noong una ngayon
at magpasawalang hanggan.
Amen.





# Martes

## *Panalangin kay San Antonio de Padua*

O San Antonio de Padua,
banayad at makapangyarihan sa pagtulong,
ang iyong pag-ibig sa Diyos
at sa kanyang mga nilalang ay dahilan
upang ikaw ay maging karapat-dapat
na italagang tagatulong
sa madlang nangangailangan.

Kahit noong ikaw ay nabubuhay pa,
ikaw ay pinagkalooban na
ng kapangyarihan na magkaroon
ng mapaghimalang kapangyarihan.
Ang pagpapala ay naghihintay sa iyong salita
na handa mong ipagkaloob sa mga nagsusumamo.
Sa ganitong pag-asa, ako ay nananalangin
na iyong ipagkaloob sa akin ang biyayang ito
(sambitin ang kahilingan).

Ang kasagutan sa aking kahilingan
ay maaring mangailangan ng himala,
ngunit ikaw ay banal na mapaghimala.

O Mapagmahal na San Antonio,
may pusong umuunawa
sa mga nangangailangan,
ibulong mo po ang aking kahilingan
sa Banal na sanggol na si Hesus
na iyong inibig at pinaglingkuran
sa buo mong buhay,
at ito po ay tatanawin kong
malaking utang na loob sa iyo
at ako’y nangangakong magiging masunurin
sa kalooban ng Diyos
at mamumuhay na bilang isang
mabuting Kristiyano.
Amen.





# Miyerkules

*Panalangin sa Ina ng Laging Saklolo*

Mahal na Ina ng Laging Saklolo,
buhat sa krus ibinigay ka sa amin ni Hesus
upang maging Ina namin.
Ikaw ang pinakamabait,
pinakamasintahin sa lahat ng mga ina.
Buong giliw mong tunghayan
kaming iyong mga anak
na ngayon ay humihingi ng iyong tulong
sa lahat ng aming pangangailangan
lalung-lalo na ang biyayang ito…
*(tumigil at sabihin ang iyong mga hangarin).*

Noong ikaw ay nasa lupa, minamahal na Ina,
ikaw ay buong pusong nakikiramay
sa paghihirap ng iyong Anak.
Sa tulong ng iyong pananalig at pagtitiwala
sa maka-amang pagmamahal ng Diyos
tinanggap mo ang kanyang mahiwagang kalooban.


Mayroon din kaming mga krus at mga tiisin sa buhay.
Kung minsan ang mga ito'y
parang hindi na namin kayang pasanin.
Pinakakamahal na Ina bahaginan mo kami
ng iyong malaking pagtitiwala sa Diyos.
Ipaunawa mo na walang katapusan ang
pagmamahal ng Diyos sa amin at tinutugon Niya
ang lahat ng aming mga panalangin

sa paraang makabubuti sa amin.
Palakasin mo ang aming loob sa pagpapasan ng krus
tulad ng iyong Banal na Anak.
Tulungan mong maunawaan namin
na sinumang nakikibahagi sa krus ni Kristo
ay tiyak na makakabahagi rin
ng kanyang muling pagkabuhay.

Pinakamamahal na Ina, habang kami ay nababahala
sa sarili naming mga suliranin,
huwag sana naming malimutan ang mga
pangangailangan ng iba. Mahal na mahal mo sila;
tulungan mong maging ganito rin
ang aming pagmamahal sa kanila.
Samantalang idinadalangin namin
ang aming mga adhikain
at mga adhikain ng lahat ng naririto ngayon.

Mataimtim sa loob na hinihiling namin sa iyo,
aming Ina, tulungan mo kaming makapagdulot ng aliw
at ginhawa sa mga may sakit
at sa mga malapit nang sumakabilang buhay,
magpahilom ng sugat ng mga pusong wasak,
magpagaan ng tinitiis ng mga inaapi,
at turuan ng katarungan ang mga sa kanila'y nang-aapi
at ibalik sa Diyos ang lahat ng mga nagkasala sa Kanya.

Pinakamamahal na Ina, tulungan mo kaming umiwas
sa kasalanan na naglalayo sa amin
sa aming Ama sa langit at sa isa't isa.
Buong tiwala naming isinasalalay
ang aming sarili sa iyong pagkalinga
at lubos na umaasang kami'y iyong tutulungan.
AMEN.



# Huwebes

*Panalangin kay San Juan Maria Vianney*

Minamahal naming San Juan Maria Vianney,
sinabi mo na ang pagpapari
ay ang pag-ibig na nananahan
sa kabanal-banalang puso ni Hesus.
Sa ipinakita mong dedikasyon bilang isang pari,
nawa ay ikaw ang maging huwaran
sa kabanalan ng bawat taong tumugon
sa tawag ng Sakramento ng Pagpapari.
Sa iyong mga panalangin para sa amin
patungo sa Diyos Ama, iniluluhog namin
ang aming Santo Papa, mga bispo at pari
na maging tapat silang lahat sa kanilang tungkulin
na magpahayag ng Mabuting Balita,
magdiwang ng Banal na Eukaristiya,
magpatawad sa Sakramento ng Pagbabalik-loob
at maggawad ng iba pang mga sakramento.

Hinihiling din namin
ang iyong mga panalangin
para sa mga paring tumigil na
sa kanilang aktibong ministeryong pastoral
dahil sa katandaan o karamdaman.
Ang mga nag-aaruga at nag-aalaga
sa kanila'y maging matatag
nawa sa kanilang tungkulin.
Sa tulong ng iyong pamamagitan,
mahal na San Juan Maria Vianney,

hinihiling namin na pangalagaan mo rin
ang mga paring nahihirapan sa kanilang bokasyon.
Ikaw na naging tapat
sa iyong sinumpaang pangako
at naging isang tunay na pastol ng iyong kawan
ay maging huwaran para sa lahat ng mga pari.

Kami ay sumasamo
na sa tulong ng iyong inspirasyon
ay lalo pang lumago ang bokasyon sa pagpapari.
Nawa ang mga kabataang tinawag
ng Panginoong Hesus
sa banal na bokasyon ng pagpapari
na nasa mga seminaryo'y mahubog
ayon sa Iyong ipinakitang halimbawa
noong ikaw ay nabubuhay pa.
Makatugon nawa sila nang may pagpapakumbaba
at lubos na pagbibigay ng sarili
sa misyon ng Simbahang magligtas ng mga kaluluwa,
ayon sa tunay na diwa ng Sakramento ng Pagpapari.

O mahal naming San Juan Maria Vianney,
sa tulong ng Mahal na Birheng Maria
na iyong minamahal,
maalab mong dinggin
ang aming mga panalangin.
AMEN.

*Inihanda at Isinaayos nina:*
*Rev. Fr. Nestor M. Abog Jr., CRM*
*Rev. Fr. Don Wenn Villa*



# Biyernes

## *Panalangin sa Banal na Puso ni Hesus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon
at nagagalak ako na Siya ay aking
napagmamasdan na puno ng pag-ibig at awa
sa tulad kong makasalanan.
O Hesus, Hari ng Awa at Pagpapatawad,
sumasamo ako na dinggin Mo ang aking siphayo
at intensyon sa oras na ito _________________
at lahat ng mga panalanging nasa aming puso.
Tanggapin Mo ang aming mga papuri
at pagsamba sa Iyo
at nawa'y mailapit Mo kami
sa iyong mahabagin at mapagpakumbabang Puso.

O kapuri-puring Puso ni Hesus,
bukal ng pag-ibig at awa,
puspos ng luwalhati at matibay na
pananampalataya at pag-ibig sa Ama,
humihingi ako ng kapatawaran
sa aking mga nagawang kasalanan
at hinihingi ko rin ng kapatawaran
ang mga taong nakagawa sa akin ng masama
at pagkakasala.

Turuan mo akong maglingkod
sa Iyong kamahal-mahalang Puso
nang walang pag-aalinlangan at pangamba.
Akayin Mo ako sa Iyong landas upang
sa aking paglalakbay ay matagpuan ko
ang Iyong mapagpalang Puso
na puno ng pagmamahal at awa.

Mahal na puso ni Hesus,
ako ay buong pusong nananalig
at nagtitiwala sa Iyo na diringgin Mo
ang aking mga panalangin
at ipagkakaloob Mo ang mga ito sa akin
nang buo Mong puso at pagmamahal.
O Hesus ng karunungan at awa,
iligtas Mo kami sa anumang kapahamakan
at kalupitan ng diyablo.
Nawa'y makita namin ang aming mga sarili
sa Iyong Mahal na Puso
at mahalin Ka naming lubos nang may galak,
pagpupuri at pasasalamat.

Kamahal-mahalang Puso ni Hesus,
*maawa ka sa amin.*
Kamahal-mahalang Puso ni Hesus,
*maawa ka sa amin.*
Kamahal-mahalang Puso ni Hesus,
*maawa ka sa amin.*
O Hesus, Hari ng Pag-ibig at Awa,
*kami ay nananalig sa Iyo.*

*Isinaayos ni: Rev. Fr. Nestor M. Abog Jr., CRM*

# Biyernes

*Panalangin kay San Pedro Apostol*




O Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo,
sinasamba, pinupuri, at niluluwalhati ka namin.
Taos-puso ang aming pasasalamat
sa napakaraming biyaya na ibinigay mo sa amin.
Higit sa lahat ang makilala ang iyong pagmamahal
sa sangkatauhan sa pamamagitan ng maawain
naming Panginoong Jesukristo.

Sa pamamagitan ng iyong banal na apostol
na si San Pedro, humihiling kami
ng patuloy mong paggagabay sa Simbahan,
sa aming Santo Papa, sa mga obispo,
lahat ng kaparian, mga relihiyoso't relihiyosa
at mga lingkod ng Simbahan.
Sa tulong ng liwanag at karunungan
ng Espiritu Santo, maibahagi namin
nang may kababaang-loob at katapatan
ang mga aral ng Ebanghelyo sa lahat ng sandali
ng aming buhay at makapaglingkod kami
sa mga dukha at lahat ng mga nangangailangan
sa aming pamayanan ayon sa iyong banal na kalooban
at sa tulong ng iyong biyaya.

O Panginoong Hesukristo,
bugtong na anak ng Diyos
na humirang kay San Pedro Apostol,
sa kanya mo ibinigay
ang mga susi ng kaharian ng langit,
ipagkaloob mong makapamuhay kami
ayon sa iyong banal na kalooban,
mahalin at mapaglingkuran ka sa aming kapwa
at katulad ni San Pedro, manatili nawa kaming
mga matapat mong lingkod na nagtataguyod
at nagbabahagi ng iyong awa, habag, pagmamahal
at pagpapagaling sa lahat ng sandali.
Ikaw na nabubuhay at naghaharing
kasama ng Ama at ng Espiritu Santo,
iisang Diyos, magpasawalang hanggan.
AMEN.

*(Tahimik na ipanalangin ang ating mga natatanging kahilingan sa Diyos sa tulong ni San Pedro Apostol.)*

San Pedro, *ipanalangin mo kami.*





# Sabado

## *Panalangin sa Birhen ng Peñafrancia*

Ibaling Mo sa akin ang Iyong mga mata,
O mapagmahal na Birhen ng Peñafrancia,
at kaawaan mo akong dumudulog sa iyo
na puno ng pagsisisi.
Alagaan mo ang aking pamilya,
mga kamag-anak, mga kaibigan
at mga pinagkakautangan ng loob.
Tulungan mo ang mga nanampalataya sa iyo,
nabubuhay man o yumao na,
lalung-lalo na yaong mga dapat mong tulungan.
Ipanalangin, aliwin at iligtas mo ako
sa oras ng panganib, pagsubok, at paghihirap,
lalung-lalo na sa oras ng aking kamatayan,
mamagitan ka po sa akin sa anak mong si Hesus.
Sabihin mong ako ay iyong deboto
na dala ng malaking pagtitiwala
sa iyong pagkalinga ay nakaluhod sa iyong paanan
sa paghingi ng iyong tulong.
Ina naming Birhen ng Peñafrancia,
ipanalangin, tulungan, at iligtas mo ako
sa lahat ng masama.
AMEN.

*Isinalin sa Filipino nila:*
*Mr. Abel C. Icatlo at Rev. Fr. Augusto Jesus B. Angeles III*



# Panalangin sa Araw-araw

## ANG TANDA NG KRUS

Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak,
at ng Espiritu Santo. Amen.

## AMA NAMIN

Ama namin sumasalangit ka,
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw;
At patawarin mo kami sa aming mga sala
Para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso
At iadya mo kami sa lahat ng masama.
Amen.

## ABA GINOONG MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya,
ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo,
bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.
Santa Maria, Ina ng Diyos,
ipanalangin mo kaming makasalanan,
ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.

## LUWALHATI

Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo.
Kapara noong unang-una,
ngayon at magpakailanman.
Amen.

## SUMASAMPALATAYA

Sumasampalataya ako
sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya ako kay Hesukristo,
iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.
Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,
ipinako sa krus, namatay, inilibing.
Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw, nabuhay na mag-uli.
Umakyat sa langit.
Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang
makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumula't paririto
at huhukom sa nangabubuhay
at nangamatay na tao.
Sumasampalataya naman ako
sa Diyos Espiritu Santo,
sa Banal na Simbahang Katolika,
sa kasamahan ng mga banal,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na muli ng mga nangamatay na tao
at sa buhay na walang hanggan.
Amen.

## ABA PO SANTA MARIANG REYNA

Aba Po Santa Mariang Reyna, Ina ng Awa.
Ikaw ang kabuhayan at katamisan;
Aba pinananaligan ka namin.
Ikaw nga ang tinatawagan namin,
pinapanaw na taong anak ni Eba.
Ikaw rin ang pinagbunbuntuhang-hininga namin
ng aming pagtangis
dito sa lupang bayang kahapis-hapis.
Ay aba, pintakasi ka namin,
ilingon mo sa amin ang mga mata mong maawain,
at saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin,
ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Hesus.
Santa Maria, Ina ng Diyos, maawain, maalam at matamis na Birhen.

**V. Ipanalangin mo kami,**
**Reyna ng kasantu-santuhang Rosaryo.**
*R. Nang kami'y maging dapat makinabang*
*ng mga pangako ni Hesukristo.*

**Manalangin tayo**

O Diyos at Panginoon namin
na ang bugtong na Anak mo
ay siyang ipanagkamit namin
ng kagalinga't kabuhayang walang hanggan
sa pamamagitan ng kanyang pagkakatawang-tao,
pagkamatay, at pagkabuhay na mag-uli,
ipagkaloob mo, hinihiling namin sa iyo
na sa pagninilay-nilay namin
nitong mga misteryo ng Santo Rosaryo
ni Santa Mariang Birhen
ay hindi lamang matularan namin

ang mga magagaling na halimbawang
nalalarawan sa amin;
kundi naman makamtan namin
ang mga kagalingang ipinangako sa amin;
alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin
na kapisan mo at ng Espiritu Santo
nabubuhay at naghahari
magpasawalang hanggan.
Amen.

## ANGELUS

**V: Binati ng Anghel ng Diyos si Santa Maria.**
*R: At naglihi siya lalang ng Espiritu Santo*

**V: Aba Ginoong Maria…**
*R: Santa Maria, Ina ng Diyos…*

**V: Narito ang alipin ng Panginoon**
*R: Ganapin sa akin ayon sa Wika Mo*

**V: Aba Ginoong Maria…**
*R: Santa Maria, Ina ng Diyos…*

**V: At ang Verbo ay nagkatawang tao,**
*R: At nakipamayan sa atin.*

**V: Aba Ginoong Maria…**
*R: Santa Maria, Ina ng Diyos…*

**V: Ipanalangin mo kami,**
**O Santang Ina ng Diyos,**
*R: Nang kami'y maging dapat magkamit*
*ng mga pangako ni Hesukristong Panginoon.*

**Manalangin tayo**

Panginoong aming Diyos,
kasihan Mo nawa ang aming mga kaluluwa
ng Iyong mahal na grasya
at yayamang dahilan sa pamamalita ng Anghel
ay nakilala namin ang pagkakatawang-tao
ni Hesukristong Anak Mo,
pakundangan sa Mahal Niyang pagpapakasakit
at pagkamatay sa krus
ay papakinabangin Mo kami
ng kanyang pagkabuhay na mag-uli
sa kaluwalhatian sa langit.
Alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin.
Amen.

**V: Luwalhati sa Ama, sa Anak,**
**at sa Espiritu Santo.**
*R: Kapara noong unang-una,*
*ngayon at magpakailanman. Amen. (3x)*

## O REYNA NG LANGIT

**V: O Reyna ng Langit, magalak ka. Aleluya!**
*R: Sapagkat ang minarapat mong dalhin*
*sa iyong sinapupunan. Aleluya!*

**V: Ay nabuhay na mag-uli na gaya**
**ng kanyang sinabi. Aleluya!**
*R: Ipanalangin mo kami sa Diyos. Aleluya.*

**V: Matuwa ka at magalak,**
**O Birheng Maria. Aleluya!**
*R: Sapagkat tunay na muling nabuhay*
*ang Panginoon. Aleluya!*

**Manalangin tayo**

O Diyos, na sa pamamagitan ng muling pagkabuhay
ng iyong Anak na si Hesukristong Panginoon namin,
ay minarapat mong paligayahin ang mundo.
Hinihiling namin sa iyo
na alang-alang sa Birheng Maria
na kanyang Ina ay makamtan namin
ang kaligayahan sa buhay na walang hanggan.
Sa pamamagitan din ni Kristong Panginoon namin.
Amen.

**V: Luwalhati sa Ama, sa Anak,**
**at sa Espiritu Santo.**
*R: Kapara noong unang-una,*
*ngayon at magpakailanman. Amen. (3x)*

## PAG-AALAY SA UMAGA

O Hesus,
sa pamamagitan ng Kalinis-linisang Puso ni Maria,
iniaalay ko sa iyo ang aking mga panalangin,
mga pagsisikap, tuwa, at paghihirap sa araw na ito,
para sa lahat ng intensyon
ng iyong kamahal-mahalang puso,
kaisa ng sakripisyo ng Banal na Misa sa buong mundo, bilang
pagbabayad sa aking mga kasalanan,
para sa mga intensyon ng aking mga kamag-anak
at kaibigan at lalong-lalo na para sa mga intensyon
ng Santo Papa. Amen.

## PRAYER TO ST. MICHAEL THE ARCHANGEL


St. Michael the Archangel
defend us in battle.
Be our protection against the wickedness
and snares of the devil.
May God rebuke him, we humbly pray;
and do Thou, O Prince of the Heavenly Host
by the power of God
cast into hell Satan and all the evil spirits
who prowl around the world
seeking the ruin of souls.
Amen.

## PRAYER FOR PROTECTION THROUGH THE HOLY ANGELS

*(Divine Office)*

Lord,
we beg You to visit this house
and banish from it
all the deadly power of the enemy.
May your Holy Angels
dwell here to keep us in peace,
and may your blessing be upon us always.
We ask this through Christ, our Lord.
Amen.

*(From the Angel of God, Prayers to my Guardian Angel)*




## CONSECRATION TO THE IMMACULATE HEART OF MARY

*(To be recited as requested by the Catholic Bishops' Conference of the Philippines in all masses every First Saturday of the Month)*

We have recourse to your protection,
O holy Mother of God." As we recite the
words of this antiphon with which the Church of Christ
has prayed for centuries,
we find ourselves today before you, our Mother,
in this Year of Faith.
We, who make up the "Body of Christ"
present in our land, recite the words of this
present Act of Consecration and Entrustment,
in which we gather, first of all,
the hopes and anxieties of our Filipino people,
at this moment of our history.

Mother of our people, we who rejoice in the name,
"Pueblo amante de Maria",
bayang sumisinta kay Maria–
you know all our sufferings and our hopes, you
who have a mother's awareness of all the struggles
between good and evil,
between light and darkness,
which afflict the world today.
Mother of our people, accept the cry which we,
deeply moved by the Holy Spirit,
address directly to your heart.



Embrace, with the love of the Mother
and Handmaid of the Lord, our people
and our land, which now we entrust
and consecrate to you, for we are truly
concerned for the earthly and eternal destiny
of every individual among us and for all our people.

"We have recourse to your protection,
O Holy Mother of God;
despise not our petitions in our necessities."

Behold, as we gather before your Immaculate Heart,
we desire, the Church of the Lord in our land,
joined in heart and mind with all our people,
isang bayang Filipino, — to unite ourselves
with the consecration which, for love of us,
your Son made of himself to the Father:
'For their sake,' he said, 'I consecrate myself
that they also may be consecrated in the truth' *[John 17: 19].*
We wish to unite ourselves with our Redeemer
in this consecration for the world and for the
entire human race, which, in his divine Heart,
has the power to obtain pardon and to secure reparation.

The power of this consecration by your Son,
Our Lord, lasts for all time
and embraces all individuals, peoples and nations.
Thus, also it embraces our people and our land.
The power of this consecration overcomes
every evil that the spirit of darkness is able to awaken,
and has in fact awakened in our times,
in the hearts of men and women in human history.

How deeply we now feel the need for the consecration
of our people, in union with Christ Jesus himself.
For the redeeming work of our Redeemer
must be shared in and by the world,
and by our own people, through the Church.


We turn to you, Mother of our Redeemer and our Mother:
above all creatures may you be blessed, —
you, the Handmaid of the Lord,
who in the fullest way obeyed the divine call.
Hail to you, who are wholly united
to the redeeming consecration of your Son.

Mother of the Church!
Enlighten the People of God along the paths of faith,
hope and love! Help us to live in the truth
of the consecration offered by Jesus
your Son for the entire human family,
and for us, the Filipino people and for our beloved land.

In entrusting to you, O Mother, our people,
your "Pueblo amante de Maria,"
we entrust to you this very consecration itself,
placing it in your motherly Heart.

Immaculate Heart! Help us to conquer the threat of evil,
which so easily enters and takes root
in the hearts of people today,
and whose immeasurable effects
already weigh down upon our country,
and seem to block the paths toward the future!

From hatred, violence,
conflicts which divide and destroy our people, deliver us.




From sins against human life,
from its very beginning, deliver us.
From the demeaning of the dignity
of the children of God, deliver us.
From every kind of injustice
in the life of society, deliver us.
From readiness to trample
on the commandments of God, deliver us.
From the loss of awareness of good and evil, deliver us.
From sins against the Holy Spirit, deliver us.

Accept, O Mother of Christ, this cry,
laden with, the hopes and burdens, the
sufferings of each one of us, and of all our people.
Help us, with the power of the Holy Spirit,
to overcome and conquer all sin:
individual sins, ‘social sins’ and ‘the sin of the world’, —
sin in all its manifestations.

Let there be revealed once more,
in our own history as a people, the infinite
power of the Redemption, the power of God’s merciful Love!
May it destroy the power of sin and evil among us!
May it transform consciences!
May it change hearts to the likeness of the Heart of Jesus,
and your own heart! May your Immaculate Heart
reveal for all, in our land and through all the world,
the light of hope! O Mary, Mother of Jesus and our Mother,
our life, our sweetness and our hope!
Amen.

## PAGTATALAGA PARA SA KAMAHAL-MAHALANG PUSO NI HESUS PARA SA INDIBIDWAL AT SA MGA PAMILYA



Panginoong Hesukristo,
itinatalaga namin
ang aming mga sarili sa iyo ngayon;
bawat isa sa amin at lahat kaming nagkakasama
bilang isang pamilya.
Ang iyong Kamahal-mahalang Puso,
ang puso ng iyong katawang sugatan
at muling nabuhay ay ang palagiang
buhay na bukal ng habag at grasya;
pag-asa at pag-ibig sa aming lahat.
Bilang tugon, nais naming ilaan
ang aming mga sarili at buhay sa iyo.
Turuan mo kaming lagi mong makaisa
sa pamamagitan ng iyong Espiritu Santo:
sa isip at sa puso, sa salita, gawa, tuwa at pagdurusa.
Tulungan mo kami upang higit ka naming makilala,
mahalin at sundin.
Nais naming makiisa sa iyong mapagligtas
na gawain sa mundo upang ang kalooban ng iyong Ama
ang masunod dito sa lupa para ng sa langit;
upang ang ‘sibilisasyon ng katarungan at pag-ibig’
ay makapangyari dito sa aming bayan.
Kamahal-mahalang Puso ni Hesus,
tulungan mo kaming mailayo ang kasalanan sa aming buhay.
Tulungan mo kaming patuloy na magmahal,
maglingkod, at magpatawad sa isa’t isa.
Nawa kami ay maging ganap na iyo lamang.

Kaisa ng Kalinis-linisang Puso ng iyong Ina,
aming sinasariwa ang aming pagtatalaga
sa inyong Kamahal-mahalang Puso
para sa higit na kaluwalhatian
ng iyong Ama sa kalangitan.
Hesus, Maria at Jose, basbasan mo kami
ngayon at sa oras ng aming kamatayan.
Amen.


*Imprimatur:*

*Most Rev. Romulo G. Valles, D.D.*

*Episcopal Commission on Liturgy*

## PRAYER FOR INNER HEALING

Lord Jesus, please come and heal
my wounded and troubled heart.
I beg you to heal the torments
that cause anxiety in my heart;
I beg you in a particular way,
to heal all who are the causes of my sinfulness.
I beg you to come into my life
and heal me of the psychological harms
that struck me in my childhood
and from the injuries that they caused throughout my life.
Lord Jesus, you know my burdens.
I lay them all on your Good Shepherd's heart.
I beseech you,
by the merits of the great open wound in your heart,
to heal the small wounds that are in mine.
Heal the pain of my memories,
so that nothing that has happened to me
will cause me to remain in pain and anguish,
filled with anxiety.



Heal, O Lord, all those wounds
that have been the cause of all the evil
that is rooted in my life.
I want to forgive all those who have offended me.
Look to those inner sores
that make me unable to forgive.
You who came to forgive the afflicted of heart,
please, heal my heart.
Heal, my Lord Jesus, those intimate wounds
that cause me physical illness.
I offer you my heart.
Accept it, Lord, purify it
and give me the sentiments of your Divine Heart.
Help me to be meek and humble.
Heal me, O Lord, from the pain
caused by the death of my loved ones,
which is oppressing me.
Grant me to regain peace and joy in the knowledge
that you are the Resurrection and the Life.
Make me an authentic witness
to your resurrection, your victory over sin and death, your
living presence among all men.
Amen.

*Catholic Handbook of Deliverance Prayer, Revised Edition*
*Rev. Fr. Jose Francisco C. Syquia*
*Director, Archdiocese of Manila Office of Exorcism*

## PRAYER TO BREAK CURSES AND SPELLS

In the Name of Jesus
I break all curses sent against you
and all spells around you.
*(Repeat this prayer three times)*

And I command all spirits
associated with these curses and spells
to go immediately
and directly to the foot of the cross.
O Most Holy Spirit,
enter into the empty spaces
left by these spirits
and fill (state name of person) with your presence,
love and protection.
Please do not allow these spirits
to return.

*Catholic Handbook of Deliverance Prayer, Revised Edition*
*Rev. Fr. Jose Francisco C. Syquia*
*Director, Archdiocese of Manila Office of Exorcism*

## PRAYER FOR PHYSICAL HEALING

Jesus, you are the wounded healer,
heal me through your wounds.
You are the God, the Ultimate,
who alone can heal me.
You are Divine Medicine.
O Lord! Just say one word,
and I shall be healed.
Jesus, forgive all my sins and iniquities
through your shed blood.
Have mercy on all my ancestors.
O Jesus!

Send your Holy Spirit upon me
and liberate me from all bondage.
Jesus, my only Savior,
deliver me from all my sins and sickness.
Mother Mary, Mother of Good Health,
I cry out to you for your prayers
for the mercy of your Son
to heal me right now!
Thank you, Mother Mary,
Thank you, Jesus,
Thank you, Abba Father
and thank you, Holy Spirit.
Amen.


*Catholic Handbook of Deliverance Prayer, Revised Edition*
*Rev. Fr. Jose Francisco C. Syquia*
*Director, Archdiocese of Manila Office of Exorcism*

## PRAYER FOR HEALING OF BODY, MIND AND SPIRIT

Dear Lord,
I know that there is no sickness
you cannot heal.
You know all things,
you can do all things
and I know you love me very much.
With faith in your promise
that whatever we ask in prayer,
you will grant us if it will be good for our soul.
I come before you to ask for the healing
of my body, mind, emotions and spirit.
Touch me now where I am hurting most.
Only you know what kind of healing
I need most right now.

Let the grace of your divine love flow
and spread to the different parts of my body
reaching the inner recesses of my being.
Comfort me in my pain and anguish.
Correct any malfunctioning of my body organs.
Melt with your healing love any abnormal growths.
Arrest all further spreading of all sick cells
and replace them with healthy cells.
Root out all unresolved hurts, resentments, fears
and feelings of despair and frustration.
Heal all painful memories and repercussions
of traumatic experiences.
Grant me the grace to accept
this trial and sufferings
and offer this for the salvation of my soul
and those of my family and loved ones.
Forgive me for all my sins and fill me with your love, peace,
joy, kindness and generosity.
Let me realize the deeper meaning
of my sickness and trial
and lead me closer to you
as I find comfort in your loving heart.
Let me find joy and peace amidst my suffering.
And with eyes of faith, see the blessing
and victory that await me.
And then, dear Father,
after I have been healed,
may I be a witness of yourhealing power
and bring glory, honor and praise to you.
This I pray in Jesus' name
through Mary and all the saints. Amen.

*Catholic Handbook of Deliverance Prayer, Revised Edition*
*Rev. Fr. Jose Francisco C. Syquia*
*Director, Archdiocese of Manila Office of Exorcism*


Unang hakbang
Ang tanda ng Krus
at ang Kredo
ng Apostoles
Pangalawang hakbang
Ama Namin
Ikatlong hakbang
Tatlong Aba
Ginoong Maria
Ika-apat na hakbang
Luwalhati
Ika-limang hakbang
Ama Namin
Ika-anim na
hakbang
Aba Ginoong Maria
Ika-pitong hakbang
Luwalhati
at Panalangin
ng Fatima
Ika-walong
Hakbang
Aba Santa
Mariang Reyna
Huling Hakbang
Ang tanda ng Krus

## ANG PAGDARASAL NG BANAL NA SANTO ROSARYO NG SANTA MARIANG BIRHEN

1. Ang Tanda ng Krus
2. Sumasampalataya
3. Ama Namin
4. Tatlong Aba Ginoong Maria
5. Luwalhati
6. Limang Dekada, dadasalin:

(1) Ama Namin
(10) Aba Ginoong Maria
(1) Luwalhati
(1) O Hesus, patawarin Mo ang aming mga sala, Iligtas Mo kami sa apoy ng impiyerno. Hanguin Mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo. Lalong-lalo na yaong mga walang nakakaalaala.

Aba Po Santa Mariang Reyna, Ina ng Awa.
Ikaw ang kabuhayan at katamisan;
Aba pinananaligan ka namin.
Ikaw nga ang tinatawagan namin,
pinapanaw na taong anak ni Eva.
Ikaw rin ang pinagbunbuntuhang hininga namin
ng aming pagtangis dito sa lupang bayang kahapis-hapis.
Ay aba, pintakasi ka namin, ilingon mo sa amin
ang mga mata mong maawain,
at saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin,
ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Hesus.
Santa Maria, Ina ng Diyos, maawain,
maalam at matamis na Birhen.

**V. Ipanalangin mo kami,**
**Reyna ng kasantu-santuhang Rosaryo.**
*R. Nang kami'y maging dapat makinabang*
*ng mga pangako ni Hesukristo.*

## Litanya ng Mahal na Birheng Maria

Panginoon, *maawa ka sa amin*
Kristo, *maawa ka sa amin;*
Panginoon, *maawa ka sa amin;*
Kristo, *pakinggan mo kami;*
Kristo, *pakapakinggan mo kami;*
Diyos Ama sa langit, *maawa ka sa amin;*
Diyos Anak na tumubos sa sanlibutan, *maawa ka sa amin;*
Diyos Espiritu Santo, *maawa ka sa amin;*
Santisima Trinidad na tatlong Persona
at iisang Diyos, *maawa ka sa amin;*

Santa Maria, *ipanalangin mo kami;*
Santang Ina ng Diyos, *ipanalangin mo kami;*
Santang Birhen ng mga Birhen, *ipanalangin mo kami;*
Ina ni Kristo, *ipanalangin mo kami;*
Ina ng grasya ng Diyos, *ipanalangin mo kami;*
Inang kasakdal-sakdalan, *ipanalangin mo kami;*
Inang walang malay sa kahalayan, *ipanalangin mo kami;*
Inang di malapitan ng masama, *ipanalangin mo kami;*
Inang kalisin-linisan, *ipanalangin mo kami;*
Inang pinaglihing walang kasalanan, *ipanalangin mo kami;*
Inang kaibig-ibig, *ipanalangin mo kami;*
Inang kataka-taka, *ipanalangin mo kami;*
Ina ng mabuting kahatulan, *ipanalangin mo kami;*
Ina ng may gawa sa lahat, *ipanalangin mo kami;*
Ina ng mapag-adya, *ipanalangin mo kami;*
Birheng kapahampahaman, *ipanalangin mo kami;*
Birheng dapat igalang, *ipanalangin mo kami;*
Birheng dapat ipagbantog, *ipanalangin mo kami;*
Birheng makapangyayari, *ipanalangin mo kami;*
Birheng maawain, *ipanalangin mo kami;*
Birheng matibay na loob sa magaling, *ipanalangin mo kami;*

Salamin ng katuwiran, *ipanalangin mo kami;*
Mula ng tuwa namin, *ipanalangin mo kami;*
Sisidlan ng kabanalan, *ipanalangin mo kami;*
Sisidlan ng bunyi at bantog, *ipanalangin mo kami;*
Sisidlan ng bukod-tanging katimman,
*ipanalangin mo kami;*
Rosang bulaklak na di mapuspos ng bait ng tao ang halaga,
*ipanalangin mo kami;*
Tore ni David, *ipanalangin mo kami;*
Toreng garing, *ipanalangin mo kami;*
Bahay na ginto, *ipanalangin mo kami;*
Kaban ng tipan, *ipanalangin mo kami;*
Pinto ng langit, *ipanalangin mo kami;*
Talang maliwanag, *ipanalangin mo kami;*
Mapagpagaling sa mga maysakit, *ipanalangin mo kami;*
Pagsasakdalan ng mga taong makasalanan,
*ipanalangin mo kami;*
Mapang-aliw sa nangagdadalamhati,
*ipanalangin mo kami;*
Mapag-ampon sa mga Kristiyano, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga anghel, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga patriyarka, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga propeta, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga apostol, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga martir, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga confesor, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng mga birhen, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng lahat ng mga santo, *ipanalangin mo kami;*
Reynang ipinaglihi na di nagmana ng salang orihinal,
*ipanalangin mo kami;*
Reynang iniakyat sa langit, *ipanalangin mo kami;*
Reyna ng kasantu-santuhang rosaryo,
*ipanalangin mo kami;*
Reyna ng kapayapaan, *ipanalangin mo kami;*

Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, *patawarin mo po kami, Panginoon;*

Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, *pakinggan mo po kami, Panginoon;*

Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, *maawa ka sa amin.*

**V. Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.**
*R. Nang kami ay maging dapat na makinabang sa mga pangako ni Hesukristong Panginoon.*

**Manalangin tayo**

Diyos at Panginoon namin
na ang bugtong na Anak mo
ay siyang ipanagkamit namin
ng kagalinga't kabuhayang walang hanggan
sa pamamagitan ng kanyang pagkakatawang-tao,
pagkamatay, at pagkabuhay na mag-uli,
ipagkaloob mo, hinihiling namin sa iyo
na sa pagninilay-nilay namin
nitong mga misteryo ng Santo Rosaryo
ni Santa Mariang Birhen
ay hindi lamang matularan namin
ang mga magagaling na halimbawang
nalalarawan sa amin; kundi naman makamtan namin
ang mga kagalingang ipinangako sa amin;
alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin
na kapisan mo at ng Espiritu Santo
nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.
Amen.

**Namumuno:** Sumaatin nawa ang tulong ng Maykapal
*Lahat:* *Amen.*

**Namumuno:** Sumapayapa nawa ang kaluluwa
ng mga yumao sa grasya
ng Panginoong Diyos.
*Lahat:* *Amen.*

**Namumuno:** Manatili nawa sa atin ang biyaya
ng makapangyarihang Diyos Ama,
Anak, at Espiritu Santo.
*Lahat:* *Amen.*

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

## ANG MGA MISTERYO NG KABANAL-BANALANG SANTO ROSARYO

### Mga Misteryo ng Tuwa *(Tuwing Lunes at Sabado)*

1. **Ang Pagbabalita ng Anghel sa Mahal na Birhen**

   "Sinabi ng anghel kay Maria: 'Huwag kang matakot, Maria, dahil may magandang niloloob ang Diyos para sa iyo. At ngayo'y maglilihi ka at manganganak ng isang lalaki na pangangalanan mong Hesus'... Sinabi naman ni Maria, 'Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi.'"
   *(B. 30 at 38 ng Ebanghelyo ni San Lucas 1:26-38)*

2. **Ang Pagdalaw ng Birheng Maria kay Elisabet**

“Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria,
sumikad ang sanggol sa sinapupunan niya,
at napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet
at malakas siyang sumigaw at sinabi:
‘Lubos kang pinagpala sa mga kababaihan.
Pinagpala rin ang bunga ng iyong sinapupunan!
Pinagpapala ang naniniwalang magaganap ang mga
sinabi sa kanya ng Panginoon.’"
*(B. 41-42, at 45 ng Ebanghelyo ni San Lucas 1:39-45)*

3. **Ang kapanganakan ni Hesus**

“Habang naroon sila, dumating ang sandali
ng panganganak ni Maria. At nagsilang siya ng isang
lalaki na kanyang panganay.
Binalot ito ng lampin at inihiga sa sabsaban -
dahil walang lugar para sa kanila sa bahay.”
*(B. 6-7 ng Ebanghelyo ni San Lucas 2:1-20)*

4. **Ang Paghahandog kay Hesus sa Templo**

“Nang dumating na ang araw ng paglilinis nila
ayon sa Batas ni Moises, dinala ang sanggol sa Jerusalem
para iharap sa Panginoon - tulad ng nasusulat sa Batas
ng Panginoon: Lahat ng panganay na lalaki
ay ituturing na banal para sa Panginoon.”
*(B. 22 ng Ebanghelyo ni San Lucas 2:22-38)*

5. **Ang Pagkakatagpo kay Hesus sa Templo ng Jerusalem**

“At sinabi ni Hesus sa kanila,
‘At bakit ninyo ako hinahanap?
Hindi ba ninyo alam na dapat ay nasa bahay ako
ng aking Ama?’ Pero hindi nila naintindihan
ang sinabi niya sa kanila.”
*(B. 49-50 ng Ebanghelyo ni San Lucas 2:41-50)*

**Mga Misteryo ng Hapis** *(Tuwing Martes at Biyernes)*

1. **Ang paghihirap ng Panginoon sa Halamanan ng Getsemane**

“Umalis siya uli para manalangin nang makalawa
at sinabi: ‘Ama, kung hindi ito lalampas
at kailangan kong inumin ang kalooban mo ang
matupad.’” *(B. 42 ng Ebanghelyo ni San Mateo 26:36-42)*

2. **Ang Paghagupit kay Hesus na Nakagapos sa Haliging Bato**

“Sa hangad ni Pilatong bigyang kasiyahan ang bayan,
pinakawalan niya si Barabbas at ipinahagupit naman si
Hesus at ibinigay para ipako sa krus.”
*(B. 15 ng Ebanghelyo ni San Marcos 15:1-16)*

3. **Ang Pagpuputong ng Koronang Tinik kay Hesus**

“At pumilipit sila ng isang koronang tinik,
ipinutong ito sa kanyang ulo at inilagay
ang isang patpat sa kanyang kanang kamay.
At saka sila lumuhod sa harap ni Hesus
at nilibak sila sa pagsasabing:
‘Mabuhay ang Hari ng mga Judio!’

Dinuraan nila siya, kinuha ang patpat
sa kanyang kamay at inihampas ito sa kanyang ulo."
*(B. 29-30 ng Ebanghelyo ni San Mateo 27:27-31)*

4. **Ang Pagpasan ng Krus**

"Kaya noo'y ipinaubaya siya ni Pilato
sa kanila upang ipako sa krus. Kinuha nila si Hesus.
Siya mismo ang nagpasan ng krus
at lumabas tungo sa lugar na kung tawagi'y
Pook ng Bungo, na sa Hebreo'y Golgotha."
*(B. 16-17 ng Ebanghelyo ni San Juan 19:16-22)*

5. **Ang Pagkapako at Pagkamatay ni Hesus sa Krus**

"Pagkasipsip ni Hesus ng alak, sinabi niya: 'Natupad na!'
At pagkayuko ng ulo'y ibinigay ang espiritu."
*(B. 30 ng Ebanghelyo ni San Juan 19:23-30)*

**Mga Misteryo ng Luwalhati** *(Tuwing Miyerkules at Linggo)*

1. **Ang Muling Pagkabuhay ng Panginoong Hesukristo**

"Sinabi ng Anghel sa mga babae,
'Huwag kayong matakot:
alam kong hinahanap ninyo si Hesus na ipinako sa krus.
Wala siya rito; binuhay siya ayon sa kanyang sinabi.
Tingnan ninyo ang lugar na pinaglibingan sa kanya.'"
*(B. 5-6 ng Ebanghelyo ni San Mateo 28:1-10)*

2. **Ang Pag-akyat sa Langit ng Panginoong Hesukristo**

“At lumabas sila ni Hesus hanggang sa may Betania,
at itinaas niya ang kanyang mga kamay
at binasbasan sila. At habang binabasbasan niya sila,
humiwalay sila sa kanila at dinala sa langit.”
*(B. 50-51 ng Ebanghelyo ni San Lucas 24:44-53)*

3. **Ang Pagpanaog ng Espiritu Santo sa mga Apostol**

“Napuspos silang lahat sa Espiritu Santo
at nagsimulang magsalita sa ibang mga wika
ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu
na salitain ng bawat isa.”
*(B. 4 ng Mga Gawa ng mga Apostol 2:1-13)*

4. **Ang Pag-aakyat sa Langit ng Mahal na Birhen**

“May lumitaw na dakilang tanda sa langit:
isang babaeng nadaramtan ng araw;
nasa ilalim ng kanyang mga paa ang buwan,
at korona naman sa kanyang ulo
ang labindalawang bituin.” *(B. 1 ng Pagbubunyag 12:1-6)*

5. **Ang Pagpuputong ng Korona sa Mahal na Birhen**

“’Dakila nga ang ginawa sa akin ng Makapangyarihan,
banal ang kanyang Pangalan...
Pinatalsik niya sa luklukan ang mga makapangyarihan,
itinampok naman ang mga bale-wala.’”
*(B. 49 at 52 ng Ebanghelyo ni San Lucas 1:46-55)*

## Mga Misteryo ng Liwanag *(Tuwing Huwebes)*

1. **Ang Pagbibinyag kay Kristo**

   "Matapos mabinyagan, umahon si Hesus mula sa tubig. At agad na nabuksan ang langit at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang kalapati at papunta sa kanya. Narinig kasabay nito ang boses mula sa langit na nagsabi: 'Ito ang aking Anak, ang Minamahal, siya ang aking Hinirang.'"
   *(B. 16-17 ng Ebanghelyo ni San Mateo 3:13-17)*

2. **Ang Kasalan sa Cana**

   "Ito ang simula ng mga tanda ni Hesus.
   Ginawa niya ito sa Cana ng Galilea
   at ibinunyag ang kanyang luwalhati,
   at nanalig sa kanya ang kanyang mga alagad."
   *(B. 11 ng Ebanghelyo ni San Juan 2:1-11)*

3. **Ang Pagpapahayag ng Paghahari ng Diyos**

   "Pagkadakip kay Juan, pumunta si Hesus sa Galilea. Doon niya ipinahayag ang magandang balita ng Diyos sa pagsasabing, 'Sumapit na ang panahon; magbagong-buhay at maniwala sa magandang balita; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.'"
   *(Ebanghelyo ni San Marcos 1:14-15)*

4. **Ang Pagbabagong-anyo ni Kristo**

“At kuminang na puting-puti ang kanyang damit,
na walang makapaglalabang simputi niyon sa lupa...
At may ulap na lumilim sa kanila.
At narinig mula sa ulap ang salitang ito:
‘Ito ang aking Anak,
ang Minamahal, pakinggan ninyo siya.’”
*(B.3 at 7 ng Ebanghelyo ni San Marcos 9:2-10)*

5. **Ang Pagtatatag ng Eukaristiya**

“Habang sila'y kumakain, kinuha ni Hesus ang tinapay,
at matapos magpuri sa Diyos,
pinaghati-hati niya iyon at ibinigay sa mga alagad
habang sinasabing, ‘Kunin ninyo at kainin;
ito ang aking katawan.
‘Pagkatapos ay kinuha niya ang kalis,
nagpasalamat siya at ibinigay sa kanila habang sinasabi:
‘Inumin ninyong lahat ito sapagkat ito ang aking dugo,
ang dugo ng Tipan, na ibinubuhos para sa marami,
para sa ikapagpapatawad mga kasalanan.’”
*(B. 26-28 ng Ebanghelyo ni San Mateo 26:17-35)*



# How to pray the *Chaplet of the Divine Mercy*

## *Start*

The Sign of the Cross

Our Father

Hail Mary

Apostles Creed

Eternal Father, I offer You the Body and Blood, Soul and Divinity of Your dearly beloved Son, Our Lord Jesus Christ, in atonement for our sins and those of the whole world.

For the sake of His sorrowful Passion, have mercy on us and on the whole world.

*Repeat for all five decades.*

## *Finally*

Holy God, Holy Mighty One,
Holy Immortal One,
have mercy on us
and on the whole world.

*Repeat thrice*

*Imprimatur:*
*+ Franciszek Cardinal Macharski*
*Krakow, August 1, 1994*

# *Ang Rosaryo ng Mabathalang Awa*

## THE CHAPLET TO THE DIVINE MERCY

*Ama na walang hanggan,*
*iniaalay ko sa Iyo kaluluwa't katawan ko sa*
*pamamagitan ng anak Mong si Hesukristo,*
*bilang tagapagligtas ko, daan ng katotohanan*
*patungo sa kaluwalhatian at sa Iyong kaharian*
*Ama, nananalig kami sa Iyo na sa*
*pamamagitan ni Hesukristo*
*ay dininggin Mo ang aming panambitan.*

*Para sa sala ng sandaigdigan*
*at sa kapagpapatawad*
*ng lahat ng tao,*
*Kaawaaan Mo kami Panginoon*
*kong Hesukristo.*

*Ulitin sa lahat ng mga dekada*

**Sumasampalataya**

**Aba Ginoong Maria**

**Ama Namin**

### *Pangwakas,*

*Dasalin ng 3 ulit*

Banal na Diyos, Banal na puspos ng
kapangyarihan, Banal na walang hanggan,
Maawa po kayo sa amin at sa buong
sansinukob. Amen.
O Hesus, Hari ng Awa,
Kami ay nananalig sa iyo.

### *Magsimula sa*

\+ Sa ngalan ng Diyos Ama,
Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo. Amen.

## DAAN NG KRUS

*Sa simbahan o sa sariling tahanan, makakatulong ang panalanging ito para pagnilayan ang mga huling sandali sa buhay ni Hesus. Upang simulan ang bawat istasyon, dadasalin ito:*

**V. Sinasamba ka namin at pinupuri,
O Panginoong Hesukristo**

*R. Sapagkat sa pamamagitan ng iyong banal na krus, tinubos mo ang sanlibutan.*

*Maaring maglaan ng isa o dalawang minuto ng katahimikan upang pagnilayan ang bawat istasyon.
Wakasan ang Daan ng Krus sa pagdarasal ng Ama Namin.*

1. **Ang Huling Hapunan** *(Lucas 22:17-20)*
2. **Ang Paghihirap sa Halamanan** *(Lucas 22:39.44)*
3. **Si Hesus sa Harap ng Sanhedrin** *(Mateo 26:59-66)*
4. **Si Hesus sa Harap ni Pilato** *(Juan 18:33-40)*
5. **Ang Paghagupit kay Hesus** *(Juan 19:1-3)*
6. **Pinasan ni Hesus ang Krus** *(Juan 19:16-17)*
7. **Pinasan ni Simon na taga-Cirene ang Krus** *(Lucas 23:26)*
8. **Nasalubong ni Hesus ang mga Babae ng Jerusalem** *(Lucas 23:27-28)*
9. **Pinaghati-hatian ang Kasuotan ni Hesus** *(Juan 19:23-24)*
10. **Si Hesus sa Krus** *(Lucas 23:39-43)*
11. **Si Maria sa Paanan ng Krus** *(Juan 9:25-27)*
12. **Ang pagkamatay ni Hesus** *(Juan 19:28-30)*
13. **Ang Paglilibing kay Hesus** *(Mateo 27:57-61)*
14. **Ang Pagkabuhay ni Hesus** *(Mateo 28:1-8)*

# My Prayer Intentions

ADOPT AN INDIGENT NOW!
padaluyin ang awa sa mga nangangailangan

PARISH INDIGENCY PROGRAM

For inquiries,
please see or contact
MR. DOMINGO GUINTO
MRS. MELITA ALAON
or visit the Parish Office




## LINGAP: "Bigyan nyo Sila ng Makakain" (Mateo 14:16)

Parroquia De San Pedro Apostol

# COMMUNITY PANTRY

## PAANYAYA sa LAHAT

*Paano ka magiging kabahagi ng programang ito?*

*Ang komunidad ay maaring makibahagi sa pamamagitan ng:*

1. Pagmungkahi ng benepisyaryo.
2. Pagbibigay ng donasyo (maaaring pera o iba pa).

*Paano ka magmumungkahi o magbibigay ng nominasyon?*

1. Magkaroon ng mga drop boxes para sa mga nominasyon sa loob ng simbahan, barangay chapel at barangay hall.
2. Isusulat sa nomination form ang mga sumusunod na detalye: pangalan, address, contact number ng benepisyaryo pati na ang nagmungkahi.

*Paano ka magbibigay ng tulong o donasyon?*

Ang mga tulong o donasyon na inyong ibabahagi ay maaaring ibigay sa tanggapan ng parokya (Parish Office) o sa komitiba ng LINGAP.



*"Sa paglingap, maitatawid ang nangangailangan, pag-ibig sa Diyos ay mapapatunayan"*

# HUNTAHAN SA PAROKYA

Parroquia de San Pedro Apostol

Tuwing Sabado 10:30 ng umaga
sa Radyo Katabang

*Parroquia de San Pedro Apostol*
*Brgy. 3, Anacleto Guinto St., Vinzons, Camarines Norte*
*Tel. No.: (054) 446-6252*
*Email: parroquia_desanpedro.apostol@yahoo.com*
*Facebook: https://bit.ly/355qfgp*

